

Patuloy na magkaisa, magpalakas at magpalawak pa ng hanay, at itaas ang militanteng diwa ng paglaban ng lahat ng mga tsuper at operator sa buong bansa!



Pinakamataas na pagpupugay ang ipinapaabot ng PISTON sa lahat ng mga tsuper at operator sa kanilang ipinamalas na lakas at determinasyon sa naganap na dalawang araw na transport strike noong Marso 6-7 upang labanan ang anti-mahirap at anti-mamamayang PUV phaseout na nakapakete bilang PUV Modernization Program (PUVMP) at ipinatutupad sa ilalim ng DOTr Department Order 2017-011 Omnibus Franchising Guidelines (OFG).

Pasasalamat din sa mga komyuter at mamamayan mula sa iba't ibang sektor na lumahok at nagpakita ng malalim na pag-unawa at mainit na suporta sa mga tsuper at operator na nag-welga.

Sa unang araw ng strike, naparalisa natin ang 80% ng mga syudad sa Metro Manila, 100% paralisado ang mga mayor na ruta sa NCR. Nagprotesta at

sumuporta ang mga tsuper, operator at komyuter sa buong bansa.

Sa ikalawang araw ng tigil-pasada, sa lakas ng epekto nito, na-obliga ang Malacañang na harapin ang PISTON at Manibela. Mula sa atas ni Marcos Jr, humarap sa naganap na dayalogo ang opisina ng Executive Secretary. Bitbit ni Ka Mody Floranda, pambansang taga-pangulo

ng PISTON, sa pag-uusap ang pangunahing demand ng mga tsuper, operator, at komyuter na ibasura ang OFG at mga kaakibat nitong mga polisiyang nagpapatupad ng PUV phaseout na ipinapakete ng gobyerno sa ilalim ng PUVMP.

Bunsod ng ating malapad na pagkakaisa at sama-samang pagkilos, natulak ang Malacañang na mangakong pag-aaralan o ire-review ang mga nilalaman ng OFG hanggang Disyembre 31, 2023. Sa isasagawang review, nangangako rin silang magiging bahagi ng buong proseso ang mga tsuper,

operator, at komyuter.

Bagama't hindi pa ito ganap na pagbasura sa OFG at programang phaseout, panimulang tagumpay pa rin itong maituturing dahil naitulak nating tumugon ang Malacañang at napatunayan natin ang bisa at lakas ng ating sama-samang pagkilos at umani tayo ng malawak na suporta mula sa taumbayan.

Pinatunayan din ng ating ginawang pagkilos na tama lang na puspusang labanan ang PUVMP na tahasan at sapilitang aagaw sa mga prangkisa ng mga indibidwal na operator at magmamasaker sa libo-libong kabuhayan ng mga tsuper at maliliit na operator.

Pinatutunayan din ng naging desisyon ng Malacañang, na "pag-review" lamang at hindi pa tuluyang pagbasura ng OFG, na tuluyan pa ring gustong itulak ng rehimeng Marcos Jr ang PUVMP sa ngalan ng interes ng malalaking negosyante at ng mga kasosyo nilang mga dayuhang kapitalistang suplayer ng sasakyan.

Habang hindi pa tuluyang binabasura ni Marcos Jr ang OFG, patuloy pa ring nasa panganib ang ating mga hanapbuhay at tuluyan pa rin nilang aagawin ang kabuhayan ng mga tsuper at maliliit na operator at iba pang manggagawa at ganap na momonopolyohin ang pampublikong transportasyon sa bansa.

Hindi pa natin tuluyang nakikita ang simpatya ng rehimeng Marcos Jr sa daan-

daanlibong mawawalan ng kabuhayan dahil sa pagpapatuloy ng PUVMP. Bagama't pumayag tayong pansamantalang itigil ang welga, hindi tayo titigil sa pagkakaisa at pagpapakita ng ating pagtutol at paglaban sa mga iskema ng pamahalaan.

Patuloy tayong magpalakas ng ating hanay, itaas ang militanteng diwa ng paglaban, at ibayong pagtibayin ang ating pagkakaisa upang bantayan at labanan ang mga gagawing paraan ng pamahalaan para itulak ang PUVMP.

Sama-sama tayong makibaka upang ipagtanggol ang interes ng sambayanang Pilipino. Patuloy nating labanan ang pagtaas ng presyo ng langis at pagkamal ng napakalaking tubo ng mga multinasyunal na kumpanya sa langis.

Tulad ng ipinakitang pakikiisa ng iba't ibang sektor sa ating tigil-pasada, makibaka rin tayo sa hanay ng mga kapwa nating maralita at manggagawang Pilipino para sa karapatan sa serbisyong panlipunan, umento sa sahod, at mababang presyo ng bilingin. Batikusin at labanan din



natin ang lahat ng porma ng panggigipit ng mga iba't ibang ahente at pwersa ng estado gaya ng PNP, AFP, at NTF-ELCAC na gustong hadlangan ang ating mga pagkilos, busalan ang ating mga bibig, at tanggalan tayo ng ating demokratikong karapatang mag-protesta at manawagan ng pagbabago.

Lalo pa nating paigtingin ang pakikibaka sa patuloy na tumitinding krisis at pagpapahirap sa sambayanang Pilipino dulot ng maka-dayuhan at anti-mamamayang patakaran ng gobyerno. Hindi tayo aatras at titigil hangga't hindi tinutugunan ng rehimeng Marcos Jr ang ating mga panawagan. Hangga't hindi nababasura ang anti-mahirap at anti-mamamayang OFG at PUVMP, hindi tayo mangingiming muling itirik ang mga kampuhan at ipagpatuloy nang mas malakas at mas malawak ang ating nasimulang welga hanggang magtagumpay. 🇵🇭

